**JABEZ EDUCARE CHRISTIAN ACADEMY**
**Ramiroville, Balulang, Cagayan de Oro City**
**2nd Long Test**
**G5- ARALING PANLIPUNAN**

Score:

**NAME:**________________________________________________

Pagsubok I. Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Anong teorya ang nagpapaliwanag tungkol sa pagdating ng mga Negrito, Indones, at Malay sa magkakahiwalay na alon ng migrasyon?
   a. teorya ng core population
   b. wave migration theory
   c. teoryang Austronesyano
2. Ano ang tawag sa pagpapalitan ng mga kalakal nang hindi gumagamit ng pera noong sinaunang panahon?
   a. barter    b. pangangaso    c. vinta
3. Sino ang may mahalagang papel sa lipunan dahil sila ang gumagawa ng mga kagamitan na ginagamit sa agrikultura at pakikidigma?
   a. magsasaka    b. panday    c. manghahabi
4. Sila ang mga taong kabilang sa mataas na antas ng lipunan na kadalasan ay may kaugnayan sa datu, at may mga pribilehiyong political at pangkabuhayan?
   a. maharlika    b. timawa    c. alipin
5. Ano ang tawag sa alipin sa Visayas?
   a. maharlika    b. timawa    c. oripun
6. Anong teorya ang nagsasabing na ang mga sinaunang tao sa Pilipinas ay nagbago mula sa katutubong populasyon sa rehiyon?
   a. teorya ng core population
   b. wave migration theory
   c. teoryang Austronesyano
7. Ano ang tawag sa pinunong babae na tagapagpagaling at tagapayo sa sinaunang lipunan?
   a. datu    b. babaylan    c. timawa
8. Anong salita ang tumutukoy sa mga komunidad at kulturang nakabantay sa karagatan, kung saan ang mga aktibidad sa dagat tulad ng pangingisda, kalakalan at paglalayag?
   a. tumataban    b. sakop    c. lipunang maritime
9. Sino ang mga tao sa lipunang malaya ngunit hindi kabilang sa mga Maharlika at alipin?
   a. alipin    b. timawa    c. sultan

LIVEWORKSHEETS

10. Anong teorya ang nagmungkahi na ang mga sinaunang tao ay nagmula sa lahing Austronesyano na naglakbay mula sa Taiwan?
    a. teorya ng core population
    b. wave migration theory
    c. teoryang Austronesyano

Pagsubok II. Tukuyin ang tamang sagot sa bawat tanong. Piliin ang sagot sa loob ng kahon.

| | | |
|---|---|---|
| balangay at vinta | ilaya | ilawud |
| Islam | raya | datu |
| paghahayupan | pangingisda | Tsino at Arabe |
| Silk Road at Maritime Spice Route | | |

____________________________ 1. Ang tawag sa pinuno ng mga sinaunang pamayanan sa ilawud

____________________________ 2. Ang uri ng sinaunang pamayanang matatagpuan sa kabundukan o mataas na lugar sa Pilipinas

____________________________ 3. Ang sinaunang pamayanang matatagpuan sa mabababang lugar o kapatagan malapit sa ilog

____________________________ 4. Ang pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan ng mga pamayanan sa ilaya maliban sa pagsasaka at pangangalap ng mga yamang-gubat

____________________________ 5. Bahagi ng pang-araw-araw na buhay sa ilawud bukod sa agrikultura at pangangalap ng mga likas na yaman mula sa mga ilog at paligid

____________________________ 6. Ang uri ng tradisyonal na bangkang ginagamit ng mga sinaunang Pilipino sa pakikipagkalakalan

____________________________ 7. Ang Pilipinas ay nagging mahalagang bahagi ng mga sinaunang rutang pangkalakalan tulad nito.

____________________________ 8. Bago po dumating ang mga mananakop, aktibong nakikipag-ugnayan na ang mga Pilipino sa kanila.

____________________________ 9. Sila ang mga lider na namumuno sa bawat barangay o komunidad sa Lipunan ng mga ilaya.

____________________________ 10. Ang pagdating nito sa Sulu at Mindanao ay nagdulot ng pagbuo ng mga sultanato na may sariling pamahalaan.

LIVEWORKSHEETS

Pagsubok III. Tukuyin ang pagpapahalagang ipinakita sa bawat sitwasyon. Piliin ang sagot sa loob ng kahon.

| | |
|---|---|
| paggalang sa kalikasan | pakikipag-ugnayan at kooperasyon |
| kahalagahan ng edukasyon | pagiging matatag |
| pagpapahalaga sa kultura at tradisyon | pagpapaunlad ng komunikasyon |
| pagpapahalaga sa kasaysayan | pagkakaisa |
| mabisang pamumuno | pagsusumikap at inobasyon |

1. Ang pagpapalaganap ng kaalaman sa buong kapuluan, sa kabila ng heograpikal na paghihiwalay

   ______________________________

2. Ang pag-aaral at pagpapahalaga sa mga pangyayari sa bansa at sa kasaysayan nito

   ______________________________

3. Ang pag-iral ng mga lider na may kakayahan at karunungan sa pamumuno para sa kaayusan ng lipunan

   ______________________________

4. Pagbuo ng pambansang pagkakakilanlan at ang pakikilahok ng mga Pilipino sa mga kilusang rebolusyonaryo

   ______________________________

5. Nagsimula sa pagpapadala ng mga mensahe sa mga tradisyonal na bangka hanggang sa pagkakaroon ng modernong teknolohiya upang maging epektibo ang komunikasyon sa komunidad

   ______________________________

6. Pagtataguyod ng mga sinaunang pamayanan sa ilaya at ilawud ng napapanatiling paggamit ng likas na yaman

   ______________________________

7. Pagpapanatili ng mga sinaunang Pilipino ng kultura at mga tradisyon na nag-uugnay sa kanilang identidad at pamumuhay

   ______________________________

8. Pakikipagkalakalan at pag-aangkop sa kapaligiran ng mga sinaunang pamayanan at pagpapakita ng pagsusumikap at paglilikha ng mga bagong sistema para sa kanilang kabuhayan

   ______________________________

9. Ang mga interaksiyon at pakikipag-ugnayan ng mga sinaunang Pilipino sa ibang mga bansa at pamayanan para sa pag-unlad ng lipunan

   ______________________________

10. Sa kabila ng mga banta ng kolonisasyon, ang mga sinaunang pamayanan ay nagpatuloy sa kanilang mga tradisyon at nagpakita ng tibay sa pagharap sa mga hamon

    ______________________________

LIVEWORKSHEETS

Pagsubok IV. Sagutin ang tanong tungkol sa pagpapahalagang matututuhan sa aralin. Piliin ang tamang sagot.

1. Ang mga sinaunang Pilipino ay nakabuo ng mga organisadong Lipunan kung saan ang bawat kasapi ay may tungkulin sa komunidad, mula sa mga datu at Maharlika hanggang sa mga timawa at alipin.
    a. pagkakaisa
    b. pag-aaruga sa kalikasan
    c. pagkakapantay-pantay ng kasarian
2. Sa pamamagitan ng kalakalan sa iba't ibang bansa, natuto silang makitungo at makipagpalit ng kaalaman at produkto, na nagpapayaman sa kanilang kultura at kabuhayan.
    a. pag-aaruga sa kalikasan
    b. pagkakapantay-pantay ng kasarian
    c. pakikisalamuha sa ibang kultura
3. Sa uri ng kanilang kabuhayan tulad ng pangingisda, pangangaso,at pagsasaka, ipinakita nila ang malasakit sa kapaligiran at kamalayang ekolohikal.
    a. pag-aaruga sa kalikasan
    b. pagkakapantay-pantay ng kasarian
    c. paggalang sa posisyon ng pamumuno
4. Sa maraming komunidad, ang kababaihan ay may mahalagang papel sa ekonomiya, espirituwalidad, at tahanan, na nagpapakita ng kanilang papel sa lipunan.
    a. pag-aaruga sa kalikasan
    b. pagkakapantay-pantay ng kasarian
    c. pakikisalamuha sa ibang kultura
5. May mataas na pagpapahalaga sa mga pinuno, tulad ng datu at sultan, na nag-aayos ng pamayanan at nagbibigay ng mga desisyon para sa kaayusan ng barangay o sakop.
    a. paggalang sa posisyon ng pamumuno
    b. pagkakapantay-pantay ng kasarian
    c. pakikisalamuha sa ibang kultura

Pagsubok V. Ibigay ang hinihingi ng bawat bilang.

Magbigay ng limang (5) uri ng kabuhayan ng mga sinaunang Pilipino noong unang panahon

1) ______________________________
2) ______________________________
3) ______________________________
4) ______________________________
5) ______________________________

LIVEWORKSHEETS